# Set Apart

## Kabanalang Naging Ganap

WEEK 6

### WARM-UP

- Ano ang pinakaespesyal na pagdiriwang na naaalala mo? Ilarawan ang mga naramdaman at nakita mo sa pagdiriwang na ito?
- Naranasan mo na bang palitan ng bago ang isang luma o sirang bagay? Ano ang mga napansin mong kaibahan habang ginagamit mo ang bagong bagay?
- Nagpatawad ka na ba ng isang tao para sa isang masamang bagay na ginawa niya? Paano ka dumating sa puntong gusto mo na siyang patawarin?

### WORD

*1 Pagkatapos nito, nakita ko ang bagong langit at ang bagong lupa. Naglaho na ang dating langit at lupa, pati na rin ang dagat. 2 At nakita ko ang Banal na Lungsod, ang bagong Jerusalem, na bumababa mula sa langit galing sa Diyos. Ang lungsod na iyon ay tulad ng isang babaeng ikakasal. Handang-handa na, at gayak na gayak sa pagsalubong sa lalaking mapapangasawa niya.*
*3 Narinig ko ang isang malakas na sigaw mula sa trono, "Ngayon, ang tahanan ng Diyos ay nasa piling na ng mga tao! Mananahan na siyang kasama nila. Sila'y magiging mga mamamayan niya. At siya'y makakapiling na nila [at magiging Diyos nila.]"* **PAHAYAG 21:1–3**

(Basahin din ang **PAHAYAG 21:4–7.**)

Si Jesu-Cristo ay namatay para kunin ang ating mga kasalanan at ibalik tayo sa kabanalan. Dahil hindi Siya kailanman nagkasala, tinalo Niya ang kamatayan. Bagama't lahat tayo ay lilipas, kasama ang unang langit at ang unang lupa, hindi ito ang ganap na kahihinatnan natin. Magkakaroon ng *bagong langit* at *bagong lupa* kung saan ang Diyos ay mananahan kasama nating mga mananampalataya, at tayo ay magiging Kanyang mga banal na mamamayan. Sa wakas, matutupad na ang plano ng Diyos na ibalik tayo sa Kanya. Ano ang magiging larawan ng ganap na kabanalan?

## 1 Ipanunumbalik nang ganap ng Diyos ang Kanyang nilikha.

*[1]Pagkatapos nito, nakita ko ang bagong langit at ang bagong lupa. Naglaho na ang dating langit at lupa, pati na rin ang dagat. . . . [4]"Papahirin niya ang mga luha sa kanilang mga mata. Wala nang kamatayan, kalungkutan, iyakan o sakit. Sapagkat lumipas na ang dating kalagayan. [5]At sinabi ng nakaupo sa trono, "Binabago ko na ngayon ang lahat ng bagay!" At sinabi niya sa akin, "Isulat mo ang sinasabi ko dahil totoo ito at maaasahan."*

**PAHAYAG 21:1, 4–5**

Sa pagbabalik ni Jesus, gagawa ang Diyos ng bagong langit at bagong lupa, kung saan wala nang kamatayan, pagdadalamhati, sakit, o dahilan para umiyak. Sa bagong nilikhang ito, wala nang bakas ng kasalanan at ang mga epekto nito. Lahat ay gagawing bago. Ano sa palagay mo ang magiging larawan ng isang ginawang bagong nilikha?

## 2 Tayo ay gagawing ganap na banal ng Diyos.

*At nakita ko ang Banal na Lungsod, ang bagong Jerusalem, na bumababa mula sa langit galing sa Diyos. Ang lungsod na iyon ay tulad ng isang babaeng ikakasal. Handang-handa na, at gayak na gayak sa pagsalubong sa lalaking mapapangasawa niya.*

**PAHAYAG 21:2**

Ang dakila at inaasam nating pag-asa sa hinaharap ay ang maibalik sa tamang ugnayan sa Diyos at mabuhay bilang Kanyang mga mamamayan magpakailanman. Ang dakilang kagalakan ng Diyos ay ang maibalik tayo sa kabanalan at makasama natin Siya bilang ating Diyos. Hindi niya tayo pinabayaan. Dahil sa pagmamahal sa atin, gumawa Siya ng isang plano upang ibalik tayo sa Kanya sa isang masayang pagsasama. Ngayong alam mo na ito, paano mo ilalarawan kung sino ang Diyos?

## 3 Ang Diyos ay mananahan kasama ng Kanyang mamamayan magpakailanman.

*[3]Narinig ko ang isang malakas na sigaw mula sa trono, "Ngayon, ang tahanan ng Diyos ay nasa piling na ng mga tao! Mananahan na siyang kasama nila. Sila'y magiging mga mamamayan niya. At siya'y makakapiling na nila [at magiging Diyos nila.] [4]Papahirin niya ang mga luha sa kanilang mga mata. Wala nang kamatayan, kalungkutan, iyakan o sakit. Sapagkat lumipas na ang dating kalagayan."* **PAHAYAG 21:3–4**

Ang pagkakahiwalay natin sa Diyos ay nagsimula noong nagkasala ang unang nilikhang lalaki at babae. Nawala sa sangkatauhan ang banal na kalagayan ng pagkakalikha sa atin. Gayunpaman, itinakda ng Diyos na ibalik ang sangkatauhan sa kabanalan. Ang pagiging banal kay Cristo ay nangangahulugan na tayo ay may daan patungo sa Diyos, ganap na naibalik sa Kanya, at nailigtas mula sa walang hanggang resulta ng kasalanan. Isaalang-alang ang kasaysayan ng sangkatauhan. Paano maaapektuhan ng pag-asa natin sa hinaharap ang paraan kung paano mo nakikita ang kasalukuyan mong buhay at kung paano ka nabubuhay?

## APPLICATION

- Tayo ay magiging banal at maibabalik sa tamang ugnayan sa Diyos sa pamamagitan lamang ni Jesu-Cristo. Gusto mo bang tanggapin Siya sa buhay mo ngayon?
- Sa bagong langit at bagong lupa, mapapawi ang lahat ng luha. Ano ang isang bagay na maaaring magbago sa paraan mo ng pamumuhay dahil sa naunawaan mo ngayon?
- Ang mga makakaranas ng bagong langit at ang bagong lupa ay ang mga tumatanggap sa plano ng Diyos na maibalik ang sangkatauhan. Paano mo maibabahagi ang planong ito sa mga miyembro ng pamilya mo at mga kaibigan mo ngayong linggo?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang plano na ibalik tayo sa Kanya mula pa noong mga unang sandali ng mundo. Pasalamatan Siya sa Kanyang maawaing pag-ibig na nagpabalik sa atin sa Kanya.
- Ipagdasal na makapagtiis ka at hindi mawalan ng pag-asa dito sa lupa, taglay ang kaalaman tungkol sa pag-asa mo sa hinaharap na inilaan ng Diyos para sa iyo. Hilingin sa Kanya ang mas malalim na pagkaunawa sa Kanyang pagmamahal at sakripisyo.
- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon para maibahagi sa iba ang tungkol sa pag-asa sa hinaharap na ibinibigay Niya habang ikaw ay namumuhay nang may pag-asa araw-araw. Ipanalangin na madama ng iyong pamilya at mga kaibigan ang Kanyang dakilang pagmamahal sa pamamagitan mo at tanggapin ang pag-asa sa hinaharap para sa kanilang sarili.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Chique Esguerra, Ruth Gloria, Esther Suson, Madel Vanguardia

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.